

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-4 ng Mayo 2020

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

Bumagsak pa ang PMI habang pumipigil sa output ng sektor ng pagmamanupaktura ang pagpapalawig sa lockdown

Key findings

Bumagsak ang mga output, bagong order, at export sa pinakamabilis na rate sa kasaysayan ng survey

Umabot hanggang Abril ang mga kawalan ng trabaho, ngunit humina ang rate ng pagbaba

Kapansin-pansing tumagal ang paghahatid mula noong Marso

Ang data ng Abril 2020 ay nakolekta noong 7-23 Abril 2020.

Bumagsak pa ang sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas noong Abril, pagkatapos ng pag-lockdown sa malaking bahagi ng ekonomiya upang mapabagal ang pagkalat ng coronavirus disease 2019 (COVID-19). Mabilis na bumagsak ang produksyon, habang bumagsak ang mga bagong order at benta sa export sa pinakamabilis na naitalang rate. Nagpatuloy ang pagbabawas ng trabaho, bagama't humina ang rate ng pagbaba mula noong Marso.

Samantala, nahirapan ang mga supplier na magawa ang mga paghahatid na nagresulta sa kapansin-pansing paghaba ng mga lead time sa pangkalahatan. Kasabay nito, binawasan ng mga kumpanya ang mga pagbili ng input sa pinakamabilis na rate sa kasaysayan ng serye.

Mula sa 39.7 noong Marso, bumagsak pa sa 31.6 noong Abril ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®, na nagpapahiwatig ng isa pang labis na pagbagsak sa mga kundisyon sa pagpapatakbo sa buong sektor ng paggawa. Nagtala ang reading ng headline ng bagong pinakamababang PMI® na may pagbabang naitala sa lahat sa limang sub-component ng index (bagama't nakabaliktad sa kalkulasyon ng PMI ang mga tagal ng paghahatid ng supplier).


Pinalawig sa buong Abril ang mga panukala sa pag-lockdown, na nagdulot sa karamihan ng kumpanya na hindi makapagsagawa ng operasyon sa karaniwang kapasidad. Dahil dito, bumagsak ang mga level ng produksyon, kung saan naitala ang pinakamabilis na rate ng contraction mula nang magsimula ang serye noong Enero 2016.

Ang lockdown ay nagkaroon din ng malaking epekto sa demand para sa paggawa sa simula ng ikalawang quarter, dahil ang limitadong aktibidad ay nagdulot sa pagkakansela ng mga kliyente sa mga order at sa paglilimita sa paggastos ng mga consumer. Bukod pa rito, lubos na bumagsak ang mga export dahil sa mga pagsasara ng kumpanya at mga pandaigdigang panukala upang pigilan ang pagkalat ng COVID-19. Dahil dito, bumagsak ang kabuuang bilang ng mga bagong order sa pinakamabilis na rate sa kasaysayan ng serye.

Lubos na nagsikap ang mga nagmamanupaktura na bawasan ang pagbili noong Abril kasabay ng pagbagsak ng demand, kung saan ang pagbili ng input ay bumagsak sa pinakamabilis na rate mula noong Marso. Matindi ang ibinagsak ng mga imbentaryo ng pre-production habang bumagsak din ang mga stock ng mga natapos na produkto sa napakabilis na rate.

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni David Owen, Ekonomista sa IHS Markit, na:

“Isinama ang Philippines Manufacturing PMI sa isang grupo ng data na nagpapakita ng malawak at malubhang epekto ng mga hakbang ng pag-lockdown sa pandaigdigang ekonomiya noong Abril.

“Ang headline na PMI ay nakapagtagala ng 31.6 na isa na namang pinakamababang naitala pagkatapos ng hindi kanais-nais na figure ng Marso. Bumaba ang output sa mabilis na rate na nagsesenyales na magiging hindi kanais-nais ang data tungkol sa produksyon sa industriya sa panahon ng pag-lockdown.

“Ang magiging pangunahing salik sa krisis na ito ay ang employment. Iminumungkahi ng data noong Abril na humina ang pagbawas sa mga bilang ng trabaho mula noong Marso, ngunit kapansin-pansin pa rin ito sa pangkalahatan. Gayunpaman, ang mabilis na pagbalik ng aktibidad ay maaaring magdulot ng pagbabalik ng maraming trabaho.

“Nahaharap din ang mga nagmamanupaktura sa mga problema sa supply at demand sa ibang bansa, kung saan ang mga export ay lubos na bumabagsak at nagkakaproblema ang mga daloy ng supply sa panahon ng pandemya. Ang pagwawakas ng mga hakbang ng pag-lockdown sa Pilipinas ay maaaring makapagpagaan sa mga isyung ito, ngunit may posibilidad na mananatili ang mga ito sa ibang anyo sa panahon ng pandaigdigang krisis na ito.”

Nabanggit ng ilang kumpanya na naging mabagal ang pagdating ng mga stock noong Abril dahil sa mga hakbang ng pag-lockdown, dahil naantala ang mga daloy ng supply dahil sa mga paghihigpit. Siyam na buwan nang humaba ang mga lead time, kung saan naging pinakamatagal ang mga pagkaantala sa serye.

Malaki ang ibinagsak ng bilang ng mga empleyado noong Abril bunsod ng pagbagsak ng aktibidad. Nabanggit ng mga panellist ang pagpapatakbong may lubos na mas mababang bilang ng mga empleyado, samantala, ang mga kumpanyang nagsara ng mga pabrika ay nagtala ng malaking bilang ng pagbabawas ng mga empleyado. Gayunpaman, naging mas mabagal ang rate ng pagbabawas ng trabaho kumpara noong Marso.

Ang pagbagal ng pagbagsak ng employment ay nauugnay sa bahagyang gumandang inaasahan sa output sa hinaharap sa mga nagmamanupaktura sa Pilipinas. Ang mga tumugon ay naging mas positibo tungkol sa pagwawakas ng mga hakbang ng pag-lockdown sa nalalapit na panahon, habang nakaantabay din sila sa mga plano para sa mga bagong produkto at sa pagkumpleto sa mga nakabinbing order sa sandaling magpatuloy nang muli ang aktibidad. Dahil dito, nanatiling mababa ang kumpiyansa kaysa sa trend sa serye.

Ang mga gastos sa input na kinahaharap ng mga nagmamanupaktura ay bumagsak sa loob ng dalawang magkasunod na buwan noong Abril. Ayon sa mga panellist, dahil sa pagbaba ng demand sa input, binabaan ng mga supplier ang presyo, habang nakapagtala rin ng matinding pagbagsak sa presyo ng petrolyo. Gayunpaman, nagkaroon ng epekto sa mga pasaning gastos ang mga kakulangan sa raw material, kung saan mas mababa ang halaga ng kabuuang pagbagsak sa input kaysa sa nakaraang buwan.


Kasabay nito, bumaba ang mga singil sa output sa loob ng dalawang magkasunod na buwan, kahit na humina ang rate ng pagbaba noong Marso. Ang mga negosyo ay nag-ulat ng mga pagbaba ng singil upang subukang mapalakas ang benta sa panahon ng pandemya ng virus.

PMI Output Index

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan

Produksyon ng manufacturing

%yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

David Owen
Economist
IHS Markit
T: +44 2070 646 237
david.owen@ihsmarkit.com

Bernard Aw
Principal Economist
IHS Markit
T: +65 6922 4226
bernard.aw@ihsmarkit.com

Katherine Smith
Public Relations
IHS Markit
T: +1-781-301-9311
katherine.smith@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ng IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nirebebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Ang data ng Abril 2020 ay nakolekta noong 7-23 Abril 2020.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ng IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbong sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2020 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.